
LEVEL 2

# Leveled Reader
in Filipino

# Ang Paglalakbay ni Ilang



Isinulat at iginuhit ni Hyeji Park
Sinuri ni Lilibeth O. Quiore



Dumating na ang panahon ng tagsibol. Hatid ng mga bulaklak ang iba't ibang kulay sa mundo.



Sa isang bahagi ng kagubatan, may nakalambitin na isang bulaklak sa puno ng Ilang-ilang. “Ako si Ilang. Isa akong dilaw na bulaklak. Sabi ng mga tao, mukha raw akong buntot ng pusa.”



Napakaganda ng lugar na ito. Malamig ang simoy ng hangin at maliwanag ang sikat ng araw. Ngunit parang may kulang. Hindi ako napapansin ng mga tao! Dahil ba ito sa itsura ko? O baka naman sa amoy ko?



Pinapangarap ko na
balang-araw, ako ang magiging
pinaka-magandang bulaklak
sa buong mundo — maganda,
matingkad ang kulay, at
mabango.



Bawat gabi, tinatanong ko ang Buwan. “Buwan, sino ang pinakamagandang bulaklak sa buong mundo?”



Hindi sumasagot ang Buwan. Tahimik lamang itong nagliliwanag mula sa kalangitan. Isang gabi, habang natutulog ako, may bumulong sa akin. “Gumising ka, Ilang!” Gumising ako na pupungas-pungas.



“Ilang, gusto mong hanapin natin ang pinakamagandang bulaklak sa buong mundo?” tanong ng Buwan.

“Sige! Gustong-gusto ko iyon!” sagot ni Ilang.



Pinaakyat ng buwan si Ilang
sa bahaghari. Itinupi ng
bahaghari ang kaniyang mga
kulay hanggang sa naging isa
itong malaki at makulay na lobo.
Lumipad ito at ipinasyal si Ilang.



“Magandang araw, mga kaibigan!” sabi ni Ilang. Nakita niya ang mga magagandang bulaklak mula sa iba’t ibang lugar. Mayroong rosas, gumamela, santan, sampaguita, at orkidas.









Nakakita si Ilang ng napakaraming bulaklak — mga bulaklak na iba-iba ang hugis, kulay, at laki. Walang bulaklak ang mas nakaaangat sa iba. Espesyal ang bawat isang bulaklak. Natuwa si Ilang sa nakita.



Umuwi na si Ilang.
Kinabukasan, masayang namukadkad ang mga bulaklak.



“Itinatago ng punong ito ang kaniyang magagandang bulaklak sa mga sanga na para bang nahihiya.”

“Hmm... Hindi pa ako nakakita ng ganitong bulaklak! Mukha silang mahiwagang kayamanan.”



Lumipas ang mga araw at
napaisip si Ilang.

Nagpasya siyang ayaw na niyang
maging sikat. Mamumuhay na
siya sa kagubatan bilang siya at
wala nang iba.



Mula sa kaniyang puso, may isang tinig siyang narinig.

"Katangi-tangi ka, Ilang. Ikaw ay maganda bilang ikaw."



Napuno ng pasasalamat ang puso ni Ilang. Nakahinga siya nang maluwag. Ipinikit niya ang kaniyang mga mata at napangiti, habang nagpaugoy-ugoy sa ihip ng hangin.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation